BAGO-PRIMARYA

Public education
**Discover a world of opportunities**

# AGHAM: PAG-AARAL NG AT HOME

## AGHAM SA HARDIN

### Laro ng mananaliksik

- Magsiyasat at humanap kayo ng mga iba-ibang bagay sa hardin. Humanap kayo ng mga bagay na nababaluktot at mga hindi nababaluktot.
- Magsiysat kayo na gamit ang isang nagpapalaking kristal upang tingnan nang higit na madetalye ang daigdig.

### Laro ng bula

- Ang kailangan lang niyo ay isang mabulang halo (na hindi nakakahilam ng mga mata) at isang "bubble wand"! Makakagawa kayo ng mga "wand" na may ibat-ibang hugis mula sa mga panlinis ng pipa. Subukan niyong sumalo ng mga bula. *Magtanong kayo: Ano ang nagpapalutang ng mga bula? at Ano ang nagpapaputok ng mga bula?*
- Tingnan kung gaano katagal mapapanatili ng iyong anak na lumulutang sa ere ang isang bula.
- Pagawain ang inyong anak ng mga bula na gamit ang kanyang mga kamay sa pamamagitan ng paglublob ng kamay sa halo ng bula, ihugis bilog ang kanyang hinlalaki at daliri, at hihipan ito.
- Magbuhos ng halo ng bula sa isang pilas na plastik. Papagalawin niyo sa iyong anak ang halo ng bula sa paligid sa pamamagitan ng pahipan sa isang "drinking straw". Tingnan kung gaano karaming bula ang kanyang magagawa. Subukan niyong gumawa ng mga bula sa loob ng mga bula.

### Laro sa hardin

- Gumawa ng isang maliit na halamanan. Magtanim ng mga buto ng gulay, buto ng bulaklak at mga punla. Panoorin ang paglaki ng mga ito at pag-usapan ng iyong anak tungkol sa mga pagbabagong ito.

**Magtanim ng kamote. Lagyan ng tubig ang isang garapong kristal. Ilagay ang kamote sa ibabaw ng bunganga ng garapon. Tiyakin na umaabot sa tubig ang dulo ng kamote (palaging tiyakin na ang kamote ay dumidikit sa tubig). Magtusok ng mga tutpik sa paligid ng gitna ng kamote para tulungan itong manatiling nakatayo sa garapon. Pagkatapos ng ilang araw, lalabas ang mga ugat at mga usbong.**

### Sa gabi

- Obserbahan ang kalangitan sa gabi. Tingnan kung gaano karami ang mga bituin na nakikita ng iyong anak kapag nakabukas at nakasara ang ilaw. Ituro niyo ang mga iba-ibang konstelasyon (pangkat ng mga butuin).



Department of Education

**Matutunghayan ang marami pang mga pahina ng pag-aaral sa tahanan sa education.wa.edu.au**

© Department of Education, Western Australia, 2015